SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph

Name : ______________________________________________

Topic: Araling Panlipunan – Karapatan ng Bansang Malaya

Contributor : RFAquino

**PANUTO:**. Hanapin mula sa Hanay B ang inilalarawan sa hanay A. Isulat sa kahon ang titik ng tamang sagot.

| | Hanay A | Hanay B |
|---|---|---|
| | 1. Ang karapatan ng bansa na angkinin at gamitin ang mga ari-arian tulad ng likas yaman at yaman ng tao na matatagpuan sa bansa. | A. Karapatan sa pamumuno sa nasasakupan |
| | 2. Ang karapatan ng bansa na sumapi sa mga samahan ng pandaigdig upang magkaroon ng maayos na pakikisama sa mga iba't ibang bansa. | B. Karpatan sa pantay-pantay na pagkilala |
| | 3. Ang karapatan ng bansa na maging pare-pareho ang pagtinging sa lahat ng bansa, malaki man o maliit, mayaman man o mahirap. | C. Karapatan sa pagtanggol sa kalayaan |
| | 4. Ang karapatan ng bansa na magpasunod ng mga batas upang mapanatili ang kapayapaan sa pamayanan. | D. Karapata sa pakikipag-ugnayan |
| | 5. Ang karapatan ng isang bansa ang ipagtanggol ang sarili sa anumang pagtangkang pananakop, pakikialam at paghihimasok ng ibang bansa. | E. Karapatan sa pagmamay-ari |

PANUTO: Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap. Isulat ang M kung ito ay mali.

_____ 1, Nang ipagkaloob sa atin ang pamumuno ng Pilipinas, nagkaroon ng soberanya ang Pilipinas.

_____ 2. Kaguluhan at kalituhan lamang ang naidudulot ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas si mga ibang bansa.

_____ 3. Kasama ang mga dayuhang naninirahan sa ating bansa ang kailangan sumunod sa mga batas na itinakda ng pamahalaan.

_____ 4. Lahat ng pribelehiyo na natatanggap ng mga bansang miyembro ng United Nations ay natatanggap din ng Pilipinas dahil miyembro dito ang ating bansa.

_____ 5. Walang suporta ang maibibigay ang ating pamahalaan sa mga Pilipinong naninirahan o nagtatrabaho sa ibang bansa.

_____ 6. Nararapat lamang pigilin ang anumang pagbabanta buhat sa labas ng bansa upang mapanatili ang kaligtasan ng ating mga mamamayan.

_____ 7. Dahil kasapi ang Pilipinas sa ASEAN, maaring gamitin ng mga ibang bansang miyembro nito ang kalupaan ng Pilipinas ng walang pahintulot.

_____ 8. Batay sa dami ng populasyon ng isang bansa ang pribelehiyo at karapatan na kanyang matatanggap.

_____ 9. May karapatan ang Pilipinas na tanggihan ang pagpasok ng isang dayuhan.

Copyright 2013 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.